



LIFESAVING SOCIETY

The Lifeguarding Experts

STARTboating: Hinihikayat ang mga bagong Canadian na simulang mag-boating ngayong summer

Ang Lifesaving Society ay naglunsad ng isang online program para sa boating safety sa iba't-ibang wika

Toronto, ON – Hulyo 20, 2017 – Ang Lifesaving Society, ang nangungunang organisasyon sa Canada para sa drowning prevention, ay naglunsad ng isang online boating safety program para sa mga baguhan sa pagbo-boating, partikular na sa mga bagong Canadian na maaaring first time susubukan ang recreational boating. Ang *STARTboating* ay isang komprehensibong programa na idinisenyo upang magbigay ng pangunahing kasanayan sa pagbo-boating at kaligtasan sa tubig. Ang programa ay ilulunsad ngayong araw na ito sa English, French, Mandarin, at Cantonese; na susundan ng Hindi at Tagalog pagpasok ng Agosto.

Ang programa ay binubuo ng isang serye ng mga online interactive videos na gagabay sa lahat sa pamamagitan ng pagbibigay ng pangunahing kaalaman at pagsasanay na kailangan upang ligtas na mag-enjoy sa tubig. Bagama't angkop para sa lahat ng mga boater, ang programa ay binuo para sa lumalagong populasyon ng immigrants sa Canada, lalo na ang newcomer families.

Nasa 320,032 immigrants ang dumating sa Canada sa pagitan ng Hulyo 2015 at Hulyo 2016,¹ at pagdating ng 2036, tinatayang halos isa sa dalawang Canadian ay maaaring isang immigrant, o anak ng isang immigrant ayon sa isang pag-aaral na isinagawa ng Statistics Canada kamakailan lang.²

Ayon kay Barbara Byers, ang Public Education Director ng Lifesaving Society, "Many new Canadians come from countries where they don't participate in activities like swimming and boating for recreation." (Maraming mga bagong Canadian ay nagmula sa mga bansa kung saan hindi sila sumasali sa mga aktibidad tulad ng swimming at recreational boating.)

"When they come to Canada, where water-based activities are extremely popular, they want to participate, but don't always have the knowledge or skills they need to be safe. We created this program in multiple languages because we want to reach out to make sure they are prepared before they set out on the water." (Pagdating nila sa Canada, kung saan popular ang water-based activities, gusto rin nilang i-try ang mga ito, pero madalas wala silang kaalaman o kasanayan upang maging ligtas. Nilikha namin ang programang ito sa iba't-ibang wika dahil gusto naming mag-reach out at tiyakin na sila ay nakahanda bago sila magpunta sa tubig.)

Ito ay mahalaga dahil ayon sa pananaliksik na isinagawa ng Lifesaving Society, habang ang karamihan ay nagpaplanong magpalipas ng oras sa tubig at sa paligid nito, ang mga bagong Canadian na naninirahan sa Canada ng limang taon pababa, ay apat na beses na mas mataas ang tsansa na hindi makalangoy kaysa sa mga ipinanganak sa Canada.³ Ito ay nagpapahiwatig na sila ay nasa mas malaking panganib na malunod.

Ang recreational boating ay bahagi ng Canadian experience

Ang pagbo-boating ay isang popular na libangan sa Canada. Ipinapakita ng pananaliksik na 46% ng mga Canadian ay sumasali sa mga recreational boating activity.⁴ Ayon sa isang pag-aaral ng Lifesaving Society, 31% ng mga bagong Canadian ay nagpaplanong subukan ang pagbo-boating sa mga buwan ng tag-init o summer.³

Habang binubuo ang programa, ang Lifesaving Society ay nagsagawa ng focus groups para sa mga bagong Canadian na kumakatawan sa mga komunidad na ang mga pangunahing wika ay Mandarin, Cantonese, Hindi, Tagalog at French. Nakumpirma mula sa feedback ng grupong ito na gustong gawin ng mga bagong Canadian ang mga aktibidad tulad ng pagbo-boating na itinuturing nilang bahagi ng Canadian experience.

“...kapag nakatira ka sa Canada, gusto mong gawin ang mga bagay na hindi mo ginawa sa iyong bansa at gusto mong gawin kung ano rin ang ginagawa ng mga taga-dito.”

- Tagalog Focus Group Participant

Sa *STARTboating* maaari kang pumili ng isa mula sa apat na mga uri ng sasakyan o vessel - canoe, kayak, stand-up paddleboard (SUP) at maliit na outboard motor boat. Marami sa mga sasakyang ito ay kino-consider na entry-level craft, na maaaring mas ginagamit ng mga baguhan sa pagbo-boating.

Ayon sa komprehensibong pag-aaral tungkol sa pagkalunod sa Canada, ang Canadian Drowning Report⁵, na isinagawa kamakailan lang, 46% ng lahat ng pagkamatay na may kaugnayan sa pagbo-boating ay dahil sa mga canoe at powerboat na mas maikli sa 5.5 metro.

Ang introductory video ay magsisimula sa kwento ng isang pamilyang nagpapalano ng isang buong araw sa tubig, at habang nagpapatuloy sila sa kanilang paglalakbay, maaaring i-klik ang mga karagdagang videos na nagpapakita kung:

- ano ang dapat isuot at kung ano ang dapat iimpake
- paano maunawaan ang right of way, mga mapa, mga pananda at mga lugar na dapat iwasan
- paano humingi ng tulong kapag nagka-emergency
- paano gamitin ang mga safety equipment pati na rin kung paano isukat ang isang personal floatation device (PFD) at
- ano ang mahalagang pagsasanay tulad ng pagsasagwan, paglo-launch ng kanilang bangka at pagtatama ng tumaob na bangka at muling pagpasok mula sa tubig.

Pagkatapos panoorin ang mga video, sinabi ng mga kasali sa focus group na nakita nila ang pagbo-boating bilang isang aktibidad na gusto nilang subukan kasama ang kanilang pamilya. Sinabi din nila na ang programa ay nakatulong sa kanila na maunawaan hindi lang ang tungkol sa pag-rent o pagbili ng isang bangka at paglusong sa tubig pero pati na rin na mas madami pang dapat matutunan tungkol sa pagbo-boating. Matapos na panoorin ang mga video sinabi nila na naramdaman nila na mas ligtas at mas handa na sila.

“Ang video na ito ay nakapagpataas ng interes ko sa pagka-kayak at mas kumpiyansa na ako ngayon sa pagsali ko dito”

- Mandarin Focus Group Participant

Ang programang ito ay available sa www.startboating.ca at nakakonekta din sa iba't ibang mga partner website kabilang ang Canadian Safe Boating Council, PaddleSmart, AdventureSmart.ca at Smartboater.ca.

Bawasan ang panganib ng pagkalunod at mga insidente ng Search and Rescue (SAR)

Maliban sa pag-iwas sa pagkalunod, ang isa sa mga pangunahing layunin ng programa ay bawasan ang dami at kalubhaan ng mga insidente ng marine search and rescue (SAR). Ang mga pagkalunod na may kaugnayan sa pagbo-boating ay hindi nagbago sa mga nakaraang taon at ang mga insidente ng SAR ay patuloy na tumataas.

Inaasahan ng Lifesaving Society na ang mga education program tulad ng STARTboating ay makatutulong na maiwasan ang mga insidente ng SAR at lilikha ng mga ligtas at responsableng boaters na alam kung paano humingi ng tulong kung kinakailangan at kung paano mag-survive habang naghihintay na dumating ang tulong.

Ang kontribusyon sa pagpopondo para sa programang STARTboating ay nanggaling sa National Search and Rescue Secretariat na bahagi ng Public Safety of Canada

Impormasyon tungkol sa Lifesaving Society

Ang Lifesaving Society ay isang full-service provider ng mga programa, produkto at serbisyo na idinisenyo upang maiwasan ang pagkalunod. Kami ay nagliligtas ng mga buhay at pinipigilan ang water-related injury sa pamamagitan ng aming training programs, Water Smart® public education, pananaliksik sa drowning prevention, aquatic safety management at lifesaving sport. Kada taon, higit sa 1,000,000 Canadians ang lumalahok sa swimming, lifesaving, lifeguarding at leaderships programs ng aming Society. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang aming website sa www.lifesavingsociety.com

Impormasyon tungkol sa Canadian Safe Boating Council (CSBC)

Ang CSBC ay nagtataguyod ng ligtas at responsableng pagbo-boating sa buong Canada. Ito ay isang alyansa ng mga miyembro na nakatuon sa pag-prevent sa mga boating injury at pagkalunod at nagtatrabaho upang makamit ang layunin nito sa pamamagitan ng pagbibigay ng core education messages at resource materials na magagamit ng mga miyembro sa kanilang pagsisikap na mag-educate ng mga boater. Para sa karagdagang impormasyon bumisita sa www.csbc.ca

Para mag-schedule ng interview, o para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa:

Trevor Wang
Focus Communications Inc.
905-305-0308 ext. 212
trevorw@focuscomms.com

Katreena Huang
Focus Communications Inc.
905-305-0308 ext. 211
katreenah@focuscomms.com

References

1. Statistics Canada 2016. Canada's population estimates: Age and sex, July 1, 2016. <http://www.statcan.gc.ca/daily-quotidien/160928/dq160928a-eng.pdf> (accessed July 2, 2017)
2. Statistics Canada. 2017. Study: A look at immigration, ethnocultural diversity and languages in Canada up to 2036, 2011 to 2036. <http://www.statcan.gc.ca/daily-quotidien/170125/dq170125b-eng.htm> (accessed July 2, 2017)
3. Lifesaving Society. 2010. The Influence of Ethnicity on Aquatic Participation and Drowning.
4. CSBC. 2015 Safe Boating Awareness Week Tracking Study.
5. Lifesaving Society. 2017 Canadian Drowning Report.